4

# Modelong Banghay Aralin sa EPP

Kuwarter 4

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay-aralin sa EPP Grade 4**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:**
- Erron John F. Castro (Central Luzon State University)

**Tagasuri:**
- Regidor G. Gaboy (Central Luzon State University)

**Ilustrador:**
- Erron John F. Castro (Central Luzon State University)

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**EPP/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pang-unawa sa pagsulat ng letra gamit ang mga lettering styles |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | • Naisasagawa ng mga mag-aaral ang pagguhit ng free-hand drawing, orthographic, at isometric drawing<br>• Nakagagawa ang mga mag-aaral ng proyekto mula sa recyclable materials na maaring pagkakitaan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>1. naisusulat ang mga letra gamit ang lettering styles |
| **D. Nilalaman** | • Iba't ibang uri ng Lettering Style<br>• Mga Gabay sa Pagleletra |
| **E. Integrasyon** | Paglikha ng konsepto na patungkol sa pangalan ng produkto o negosyo katulad ng panganlan ng produkto, pangalan ng business o kumpanya, at *tagline*. |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Department of Education. (2015). *Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan – ikaapat na baitang kagamitan ng mag-aaral.*

Technical Education and Skills Development Authority. (2010). *Training regulations for technical drafting ncii.* *https://www.tesda.gov.ph/Download/Training_Regulations?SearchTitle=Technical+Drafting&Searchcat=System.Web.Mvc.SelectList*

Manaois, G. M. (1999). *Drafting* (1st vol.). Phoenix Publishing House.

K-12 Learning Module Basic Education Curriculum Technology and Livelihood Education Learning Module: Mechanical Drafting

**Mga sanggunian ng larawan:**

1000LOGOS. (2023, February 6). *Lacoste Logo* [Online image]. Reddit. Retrieved on January 20, 2024, from https://1000logos.net/lacoste-logo/

Wikipedia. (n.d). *Red Ribbon Bakeshop.* [Online image]. Reddit. Retrieved on January 20, 2024, from https://en.wikipedia.org/wiki/Red_Ribbon_Bakeshop

Logos-World. (2024, January 10). *Sony Logo PNG.* [Online image]. Reddit. Retrieved on January 20, 2024, from https://logos-world.net/sony-logo/

Ang lahat ng ilustrasyon na ginamit ay orihinal na nilikha ni Erron John F. Castro, ito ay maaring ma-download sa link na ito: https://drive.google.com/drive/folders/13-H5J3jMXWuXzvGOxrA5OVnEnexg8Dqf?usp=sharing

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>Mga tanong:<br>• Magbigay ng kasangkapan na ginagamit sa pagguhit.<br>• Magbigay ng materyales na ginagamit sa pagguhit. At para saan ito ginagamit?<br>• Ano-ano ang mga hakbang sa pagguhit?<br>• Ibigay ang iba’t ibang uri ng Shading.<br>2. Pidbak (Opsyonal)<br>Pumili ng 2 pinakamagandang output sa nakaraang gawain na basic sketching at magbigay ng pidbak. Ibahagi sa klase ang iyong mga ginawang technique upang maging maganda ang iyong gawa.</td><td>Maglaan lamang ng kaunting oras sa balik-aral upang mabigyan ng sapat na oras ang susunod na gawain.<br><br>Ipakita sa buong klase ang 2 output na napili. Tatawagin ang 2 estudyante upang magbahagi ng kanilang karanasan. Magbibigay ng pidbak ang guro pagkatapos magsalita ng mga esudyante.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Panghikayat na Gawain<br>Gawain: Letters of same style flock together!<br>Panuto: Tignan at kilatising mabuti ang mga letra. I-grupo ang mga letrang A, E, I, O, U na may magkaparehas na disenyo o istilo.<br>Mekaniks:<br>• Maghanap ng 1 o 2 kaparehas sa klase at magsamasama.</td><td>Ito ay masepektibo kung maipapakita ang larawan gamit ang Microsoft PowerPoint. Maaring i-print ang larawan sa paraang Tarpapel kung walang sapat na gamit para sa Powerpoint.</td></tr>
</table>

- Gumawa ng isang **5 x 5** na table sa isang pirasong papel. Isang papel kada-grupo.
- Isulat sa **loob** ng mga table ang inyong mga sagot.
- Ang **numero** ng mga letra lamang ang isusulat
- Ang unang **limang (5)** grupo na makakakuha ng tamang sagot ay may karampatang gantimpala.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. O | 2. I | 3. A | 4. I | 5. U |
| 6. O | 7. U | 8. E | 9. I | 10. E |
| 11. A | 12. O | 13. a | 14. u | 15. I |
| 16. A | 17. U | 18. O | 19. E | 20. E |

**Tamang Sagot:**

- Kahit saang row mabuo ang A, E, I, O, U basta mabuo ang tamang pagkakasunodsunod ng mga letra na parepareahas ang desenyo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3. A | 8. E | 9. I | 12. O | 5. U |
| 11. A | 19. E | 2. I | 1. O | 17. U |
| 13. a | 20. E | 4. I | 18. O | 14. u |
| 16. A | 10. E | 15. I | 6. O | 7. U |

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Sa inyong gawain, inyong nakita ang iba't ibang estilo o disenyo ng mga letra.

- Nakakita ka na ba ng ganitong istilo o disenyo ng mga letra?
- Saan mo ito nakikita?
- Narito ang mga halimbawa:




**Alam mo ba?**

- Ang pagleletra ay nakakatulong sa pagbibigay ng kagandahan sa isang disenyo. Tulad ng mga tatak ng produkto na nakitata sa TV, bilboard, tarpaulin, pangalan ng tindahan, at gusali na nakakaakit sa paningin.

| | | |
|---|---|---|
| | ● Ang paggamit ng iba't ibang disenyo ng letra ay nakakapagbigay ng mensahe sa mga nakakabasa nito.<br>● Ang pagkatuto sa kasanayan na ito ay isang paraan upang gumaling sa pagdidisenyo. | |
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>● **Pagleletra** - ay malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay. Ito ay hindi lamang isinusulat kundi sadyang inilleletra, sapagkat ang gayon ay higit na madali at mabilis isagawa bukod pa sa bihirang pagkakaroon ng pagkakamali.<br>● **Stem –** ito ay mga tuwid na bahagi ng mga letrang Gothic at Roman<br>● **Serif –** Ito ay mga pahalang na linya na idinadagdag sa dulo ng *Stem* ng letrang Roman.<br>● **Fillet** – ito ay kurbang linya sa pagitan ng *Serif* at *stem* o Sanga na bahagi ng letrang Roman. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Ang Pagleletra**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang pagleletra ay malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay. Ito ay hindi lamang isinusulat kundi sadyang inilleletra, sapagkat ang gayon ay higit na madali at mabilis isagawa bukod pa sa bihirang pagkakaroon ng pagkakamali.<br><br>May iba't ibang uri ng letra. Sa bawat uri nito ay may iba't ibang disenyo at gamit. Ang gamit nito ay naaayon din sa paggagamitan nito. May mga letrang simple at may komplikado ang disenyo. | |

## 2. Pinatnubayang Pagsasanay

### Uri ng mga Letra

1. **Gothic** – pinakasimpleng uri ng letra na ginagamit sa mga ordinaryong disenyo. Ito ang uring pinakagamitin dahil ito ay simple, walang palamuti o dekorasyon, at ang mga bahagi ay magkakatulad ang kapal.

Malalaking Titik

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | G |
| H | I | J | K | L | M | N |
| O | P | Q | R | S | T | U |
| V | W | X | Y | Z | | |

Maliliit na Titik

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a | b | c | d | e | f | g |
| h | i | j | k | l | m | n |
| o | p | q | r | s | t | u |
| v | w | x | y | z | | |

Isang halimbawa ng produkto na pwedeng paggamitan nito ay ang *Milktea.*




2. **Roman** – may pinakamakapal na bahagi ng letra. Ito ay ginagawang kahawig sa mga sulating Europeo.

Malalaking Titik

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | G |
| H | I | J | K | L | M | N |
| O | P | Q | R | S | T | U |
| V | W | X | Y | Z | | |


Maliliit na Titik

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a | b | c | d | e | f | g |
| h | i | j | k | l | m | n |
| o | p | q | r | s | t | u |
| v | w | x | y | z | | |

Hanggat maari, maglaan lamang ng kaunting oras sa bahaging ito, upang makapaglaan ng masmaraming oras sa bahaging “Mga Gabay sa Pagleletra”.

**Iba’t ibang Bahagi ng letrang Roman**

Isang halimbawa ng paggamit nito ay sa mga pangalan ng kumpanya.






Disenyo ni: Erron John Castro

3. **Script** – noong unang panahaon ito ay ginagamit na pagleletra sa kanlurang Europa. Ito ay ginagamit na pagleletra ng Aleman. Kung minsan ito ay tinatawag na “Old English”

Malalaking Titik

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | G |
| H | I | J | K | L | M | N |
| O | P | Q | R | S | T | U |
| V | W | X | Y | Z | | |


Maliliit na Titik


| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| a | b | c | d | e | f | g |
| h | i | j | k | l | m | n |
| o | p | q | r | s | t | u |
| v | z | x | y | z | | |

Isang halimbawa ng paggamit nito ay ang productong *Bola-bola.*




4. **Text** – ito ang mga letrang may pinakamaraming palamuti. Ginagamit ito sa mga sertipiko at diploma.




Isang halimbawa ng paggamit nito ay sa mga diploma.







**Mga Gabay sa Pagleletra**

**1. Gumamit ng mga gabay na linya.** Ito ay makakatulong upang maging pantay-pantay ang taas at luwang ng mga letra. Ang gabay na linya na madas ginagamit ay ang *Cap Line, Waist Line, Base Line* at *Drop Line.*

- Ang mga gabay na linya na ginagamit sa malalaking letra ay *Cap Line, Waist Line,* at *Base Line*.



| | | |
|---|---|---|
| | ● Ang mga gabay na linya para sa mga maliliit na letra ay *Cap Line, Waist Line, Base Line at Drop Line.*<br><br><br>● Gumamit ng mga patayong linya bilang gabay sa mga letrang may patayong bahagi.<br><br><br>**2. Iwasan ang hindi pantay-pantay na payat at kapal ng mga letra sa disenyong Gothic.** Ito ay magagawa sa pamamagitan ng pagsusulat ng isang-hagod (*Single-stroke)* sa bawat bahagi ng letrang Gothic. Ang larawan sa ibaba ay nagpapakita kung paano maisusulat ang mga letra nang isang-hagod.<br><br><br>**3. Makakatulong kung gagamit ng *broad marker* sa mga makakapal na *stem* ng letrang Roman**<br><br>**4. Para sa letrang Roman, unahing iguhit ang *serif* bago ilagay ang *Fillet***<br> | Biyan ng diin ang bahaging ito. Maglaan ng sapat na oras sa bawat gabay na tinatalakay.<br><br>Ito ay DAPAT isagawa sa pamamagitan ng *board work.*<br><br>Makakatulong kung sasabay ang mga estudyante sa bawat gabay na ituturo. Maaring maglabas ng papel ang bawat estudyante at sasabayan ang guro.<br><br>Maglaan din ng oras kung paano ang madaling paraan upang isulat ang mga komplikadong letra katulad ng W, M, Q, J, Y, G, S, at X. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br><br>3. Paglalapat at Pag-uugnay<br><br>Gawain: Pagleletra gamit ang estilong Gothic, Roman, Script, at Text<br>Mga Kagamitan:<br><ul><li>Lapis</li><li>Pambura</li><li>Marking Pen</li></ul>a. Letrang Gothic (maliliit at malalaking titik)<br>b. Letrang Roman (maliliit at malalaking titik)<br>c. Letrang Script (maliliit at malalaking titik)<br>d. Letrang Text (maliliit at malalaking titik)</td>
<td>Gamitin ang Worksheet para dito.<br><br>May 4 na worksheet ang nakalaan para dito. Ang letrang Gothic at Roman ang prayoridad na matapos.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">D. Paglalahat</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>1. Pabaong Pagkatuto<br>Gabay na tanong:<ul><li>Ano ang pagleletra?</li><li>Saan ginagamit ang iba't ibang disenyo ng letra?</li><li>Ibigay ang iba't ibang uri ng Lettering Styles</li><li>Ano-ano ang mga gabay upang maging mahusay sa pagleletra?</li></ul></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>2. Pagninilay sa Pagkatuto<table><tr><th>Saang bahagi ng aralin ang madali para sa akin?</th><th>Bakit ito naging madali?</th><th>Ano ang dapat kong gawin?</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table></td>
<td>Maari itong isagawa sa dalawang kaparaanan:<ul><li>Isusulat ang sagot sa papel</li><li>Magtatanong ang guro at sasagot ang estudyante.</li></ul></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><th>Saang bahagi ng aralin ako nahirapan?</th><th>Bakit ako nahirapan?</th><th>Ano ang dapat kong gawin?</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table> | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **I. Pagsusulit**<br>**Pagsusulit I**<br><br>**Panuto:** Tukuyin kung ang ang tinutukoy ay tumutugma sa letrang Gothic, Roman, Script, o Text. Isulat ang iyong sagot sa patlang.<br><br>_______________1. Ito ay ginagamit na pagleletra sa Kanlurang Europa.<br>_______________2. Ito ang mga letrang may pinakamaraming palamuti.<br>_______________3. Ito ay ginagawang kahawig sa mga sulating Europeo.<br>_______________4. Pinakasimpleng uri ng letra na ginagamit sa mga ordinaryong disenyo.<br>_______________5. Ginagamit ito sa mga sertipiko at diploma.<br><br>**Pagsusulit II**<br>Panuto: Kilalanin ang mga disenyo ng letra. Isulat ang iyong sagot sa patlang. | Maaring ipagawa ang mga disenyo ng letrang hindi natapos mula sa Paglalapat at Pag-uugnay.<br><br>At kung natapos ng estudyante ang lahat ng disenyo ng letra, maaring ipagawa ang gawaing ito. |


| | |
|---|---|
| 6. | Tribal |
| 7. | In Memory |
| 8. | EXIT |
| 9. | Philippines |
| 10. | Coca-Cola |

**Pagsusulit III**

**Panuto:** Isulat ang iyong pangalan gamit ang letrang Gothic at ang iyong apelyedo gamit naman ang Letrang Roman.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

**Panuto:** Isulat ang mga hinihingi sa loob ng bawat kahon gamit ang iba’t ibang disenyo ng letrang tinutukoy.



<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>